12.1. Paunawa. Maaaring magpahatid ang Nagbibili ng anumang paunawa sa iyo anumang oras sa pamamagitan ng electronic mail, pop-up window, dialog box o iba pang pamamaraan, kahit na may mga kasong hindi mo maaaring tanggapin ang paunawa maliban kung at hanggang sa maglunsad ka ng isang Solusyon. Anumang gayong paunawa ay ituturing na naihatid sa petsang unang ginawa itong makukuha ng Nagbibili sa pamamagitan ng isang Solusyon, walang pakialam kung kailan mo talaga tinanggap ito.

12.2. Mga Katanungan Tungkol sa Kasunduang Ito. Kung mayroon kang anumang katanungan hinggil sa Kasunduang ito o nais humiling ng anumang impormasyon mula sa Nagbibili, mangyaring sumulat sa Avast Software s.r.o., Piktova 1737/1a, Prague 4, Postal Code 140 00, Czech Republic, e-mail: [support@avast.com](mailto:support@avast.com), tel.: +420 274 005 777 o bisitahin ang pahina ng aming suporta sa [www.avast.com/support](http://www.avast.com/support).

12.3. Magkakahiwalay na Kasunduan. Kung nakakuh ka ng dalawa o higit pang Solutions, kahit na sa isang isahang transaksyon, o nakakuha ka ng mga subscription sa anumang isang Solution sa maramihang transaksyon, maaaring natanggap mo ang End User License Agreement na ito nang maraming beses. Bagaman ang mga takda at kundisyon na tinanggap mo ay maaaring katulad o magkamukha, sa tuwing tatanggapin mo ang mga takda at kundisyon ng End User License Agreement na ito ay papasok ka sa isang magkaiba at magkahiwalay na kasunduan sa pagitan mo at ng Nagbibili na nagbibigay ng naaangkop na Solution.

12.4. Buong Kasunduan. Ang Kasunduan na ito ay nagbubunsod sa buong kasunduan sa pagitan mo at ng Nagbibili kaugnay sa iyong paggamit sa Solutions at Dokumentasyon. Pinapalitan ng Kasunduang ito ang lahat ng nauna o magkakapanahon pasalita o nakasulat na mga komunikasyon, mungkahi, pahayag, garantiya at representasyon hinggil sa iyong pag-i-install at/o paggamit ng Solutions o Dokumentasyon. Sa kabila ng sinusundan, walang-anuman sa Kasunduang ito ang magpapaliit sa anumang karapatan na maaaring magkaroon ka sa ilalim ng umiiral na batas na proteksiyon ng mamimili o iba pang naaangkop na batas sa iyong nasasakupan na hindi maaaring ipaubaya sa pamamagitan ng kontrata. Ang Kasunduang ito, ang mga Naaangkop na Kundisyon at ang Dokumentasyon, hanggang sa pinakasukdulang makatwirang maisasagawa, ay ipapakahulugan ba magiging naalinsunod sa bawat isa, ngunit sa pangyayari ng hindi pagkakasundo mamamahala sila sa sumusunod na kaayusan ng pagkakauna: (i) ang Mga Naaangkop na Kondisyon; (ii) ang Kasunduang ito; at (iii) ang Mga Dokumento.

12.5. Interpretasyon. Ang mga ulo (heading) ng Kasunduang ito ay hindi nakaaapekto sa interpretasyon nito. Ang paggamit ng anumang kasarian ay kinabibilangan ng lahat ng kasarian. Kasama sa isahan (singular) ang maramihan (plural) at gayon din naman, kasama sa maramihan ang isahan. Kung saan ipinapaliwanag ang isang salita o parirala, ang iba pang anyong panggramatika nito ay mayroong katugong kahulugan. Ang mga salitang “kasama” at “kabilang” ay ipakahulugan na sinusundan ng mga salitang “walang limitasyon.” Ang anumang reperensya sa “paggamiti” ng anumang software, Solution o Update mo ay ipapalagay na isasama ang anumang pag-i-install ng anumang naturang software, Solution o Update mo (maliban lang kung hindi hinihingi ng konteksto). Ang Kasunduang ito ay orihinal na inihanda sa wikang Ingles. Bagama't maaaring magbigay ang Nagbibili ng isa o higit pang nakasalin na bersiyon ng Kasunduang ito para sa iyong kaluwagan, ang bersiyon ng Kasunduang ito sa wikang Ingles ay ang mamamahalang bersiyon ng Kasunduang ito sa kaso ng anumang salungatan o pagkakaiba. Sa pangyayari na magkaroon ng kalabuan o katanungan sa layunin o interpretasyon, sa anumang prosesong panghukuman o iba pang paraan, ang mga takda ng Kasunduang ito ay binibigyang kahulugan bilang magkatulong na inihanda ng mga partido, at walang pagpapalagay o pabigat ng pruwera na lilitaw na pabor o di-pabor sa anumang partido ayon sa kabutihan ng pagkamay-akda ng anumang probisyon ng Kasunduang ito.

12.6. Kakayahang Putulin. Kung alinman sa probisyon ng Kasunduan na ito ay maninindigang ilegal, hindi wasto o hindi maisasakatuparan sa ilalim ng anumang naaangkop na batas, ito'y maipapalagay sa kasukdulan na iyon na hindi bumuo ng bahagi ng Kasunduan na ito ngunit ng natitira sa Kasunduan na ito ay mananatiling wasto at naisasakatuparan sa pinakasukdulang pinapahintulutan ng naaangkop na batas.

12.7. Pagkaimposible. Hindi mananagot ang Nagbibili para sa anumang kabiguan o pagkaantal sa performance, sanhi sa buo o bahagi, sa mga kabiguan ng (kabilang ang power), kabiguan ng internet, kabiguan ng mga kagamitan ng teknolohiya ng telekomunikasyon o impormasyon, mga welga o iba pang kaguluhan sa paggawa (kabilang nang walang limitasyon ng welga o iba pang kaguluhan sa paggawa na lilitaw hinggil sa sinumang miyembro ng Grupo ng Nagbibili o sinumang mga Kasosyo ng Nagbibili), paggawa ng digmaan o takot, pagtangga sa mga pag-atake sa serbisyo o iba pang impormasyon ng mga pag-atake sa teknolohiya o mga paglabag na naaapektuhan ang sinumang miyembro ng Grupo ng Nagbibili o sinumang Kasosyo ng Nagbibili, mga baha, sabotaje, sunog, iba pang likas na sakuna o Acts of God, o anumang ibang

sanhi na lampas sa makatwirang kontrol ng sinumang miyembro ng Grupo ng Nagbibili o Kasosyo ng Nagbibili.

12.8. Pagpapaubaya. Ang kabiguan ng alinman sa partido para magpumilit sa mahigpit na performance ng alinman sa mga takda, kundisyon at mga probisyon ng Kasunduang ito ay hindi ipapakahulugan bilang isang pagpapaubaya o pag-abandona sa hinaharap na pagtalima sa Kasunduang ito, at ang mga takda, kundisyon ng Kasunduang ito ay mananatiling sa buong puwersa at may bisa. Walang pagpapaubaya ng anumang takda o kundisyon ng Kasunduan na ito na bahagi ng alinamang partido ang magkakabisa para sa anumang layunin maliban lang kung ang naturang pagpapaubaya ay nakasulat at nilagdaan ng naturang partido. Ang pagpapaubaya ng alinman sa partido ng isang paglabag sa alinmang probisyon ng Kasunduang ito ng ibang partido ay hindi ipapakahulugan bilang isang patuloy na pagpapaubaya ng naturang paglabag o bilang isang pagpapaubaya ng iba pang paglabag ng pareho o ng ibang probisyon ng Kasunduan na ito.

12.9. Pagtatakda. Hindi mo maaaring itakda ang iyong mga karapatan o obligasyon sa ilalim ng Kasunduang ito nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng Nagbibili. Maaaring itakda ng Nagbibili ang Kasunduang ito anumang oras sa solong diskresyon nito nang walang anumang paunang nakasulat na pahintulot mo.

12.10. Walang Mga Benepisyaryo ng Ikatlong Partido. Wala sa Kasunduang ito, ipinahiwatig o ipinakahulugan, ay binalak o magsasangguni sa sinumang tao bukod sa iyo, mga miyembro ng Grupo ng Nagbibili at mga Kasosyo ng Nagbibili, anumang karapatan, benepisyo o remedyo ng anumang katangian sa ilalim o sa pamamagitan ng katwiran ng Kasunduan na ito. Walang tao bukod sa iyo, Nagbibili at mga miyembro ng Grupo ng Nagbibili ang maaaring magdala ng sanhi ng sakdal alinsunod sa Kasunduang ito. Magiging karapat-dapat ang Nagbibili (ngunit hindi obligado) na ipatupad ang anumang karapatan, remedyo, limitasyon at mga eksklusyon ng pananagutan, mga legal na pagtatanggol ng sinumang miyembro ng Grupo ng Nagbibili o Kasosyo ng Nagbibili sa ilalim ng Kasunduan na ito, kabilang ang anumang karapatan at remedyo para sa anumang pagkawala, pinsala o claim na dinanas o nakuha ng sinumang miyembro ng Grupo ng Nagbibili o Kasosyo ng Nagbibili: (i) na galing sa o hinggil sa anumang kabiguan mong tumalima sa anumang takda o kundisyon ng Kasunduan na ito; o (ii) kailangan mong magbayad pinsala sa ilalim ng Kasunduan na ito. Walang naturang pagkawala, pinsala o claim ang ipapalagay na hindi kasama bilang hindi direkta, kinahinatnan o hindi sinasadyang pagkawala o pinsala sa ilalim ng Seksyong 6.4.1 bilang isang resulta ng naturang pagkawal, pinsala o claim na dinanas o nakuha ng isa pang miyembro ng Grupo ng Nagbibili o Kasosyo ng Nagbibili imbes ng Nagbibili.

12.11. Batas na Namamahala. Ang batas na namamahala ng Kasunduang ito ay magiging tunay na batas ng Estado ng New York, U.S. Ang kasunduang ito ay hindi pamamahalaan ng United Nations Convention sa mga Kontrata para sa Pambansang Pagbebenta ng Kalakal, kung saan ang paggamit ay hayagang hindi isinasama.

12.12. Koneksiyon sa Internet. May tiyak na Mga Solusyon na maaaring mangailangan ng aktibo at matatag na koneksiyon ng Internet para gumana. Samakatuwid ay responsibilidad mong tiyakin na mayroon kang aktibo at matatag na koneksiyon ng Internet sa lahat ng pagkakataon.

12.13. Mga pangalan ng produkto. Paminsan-minsan ay maaaring baguhin ng Nagbibili ang pangalan ng Solution, o baguhin ang pangalan o logo na ginagamit sa Solution sa pangalan o logo ng iba pang miyembro ng Grupo ng Nagbibili o Kasosyo ng Nagbibili, Hindi iniiba ng mga pagbabago na ito ang iyong subscription para sa anumang Solution, ang Haba ng Panahon ng Subscription o ang Kasunduan na ito, at hindi ka binibigyan ng anumang katapatan na tapusin ang iyong subscription para sa isang Solution, ang Haba ng Panahon ng Subscription o ang Kasunduan na ito.

## 13. Mga Espesyal na Takda

Ang mga sumusunod na espesyal na takda ay ginagamit sa tiyak na Mga Solusyon. Kung magko-conflict ang mga espesyal na takda na ito sa natitira ng Kasunduan, mamamahala ang mga espesyal na takda na ito at mauuna hinggil sa mga naaangkop na Solution.

13.1. Software ng Ikatlong Partido, mga Serbisyo at Iba pang Produkto. May Mga Solusyon na nag-aalok sa iyo ng pagkakataon para makakuha ng software, mga serbisyo at iba pang produkto na itinatustos ng mga ikatlong partido. Tinatanggap mo na ang naaangkop na ikatlong partido ay ang tanging responsable para sa mga iniaalok nito at hindi gumagawa ng anumang pagkatawan o garantiya ang Nagbibili na may kinalaman sa mga yaong pag-aalok at walang tinatanggap na pananagutan kaugnay ng mga iyon, at kung kumuha o gumamit ka ng anuman sa mga iniaalok na ito ng ikatlong partido, ang mga iniaalok at ang paggamit mo sa mga iyon ay pamamahalaan ng anumang kasunduan sa lisensiya, mga takda ng paggamit, mga patakaran sa pagkapribado at/o iba pang mga takda at kondisyon na kinakailangan ng ikatlong partido.

13.2. CloudCare at Managed Workplace. Ang Seksiyon 13.2 na ito ay ginagamit sa lawak ng Mga Naaangkop na Kondisyon na nagpapahintulot sa iyo na gamitin ang CloudCare o Managed Workplace sa pagbibigay ng Mga Serbisyo ng MSP sa mga ikatlong partido.

13.2.1. Tulad ng paggamit sa Seksiyon 13.2 na ito:

(a) Ang ibig sabihin ng “*Avast Business Service*” ay mga Serbisyon HD at/o mga Serbisyon NOC gaya nang hinihingi ng konteksto.

(b) Ang ibig sabihin ng “*Mamimili*” ay isang ikatlong partido kung saan nagbibigay ka o nais na magbigay ng mga Serbisyon MSP.

(c) Ang ibig sabihin ng “*mga Serbisyon HD*” ay ang mga serbisyo ng helpdesk ng Nagbibili o ibinibigay sa iyo ng supplier ng ikatlong partido para sa benepisyo ng isa o higit pang Mamimili, sa bawat kaso gaya nang inilarawan sa Dokumentasyon dahil maaaring baguhin ng Nagbibili ang pareho paminsan-minsan.

(d) Ang ibig sabihin ng “*mga Serbisyon MSP*” ay ang pinapangasiwaang serbisyo na ibinibigay mo sa iyong mga Mamimili gamit ang Solutions (kabilang, gaya nang naaangkop, anumang Serbisyon Negosyo ng Avast).



(e) Ang ibig sabihin ng “*mga Serbisyong NOC*” ay ang pagsusubaybay sa malayuang Aparato at Nagbibili ng mga serbisyo ng pangangasiwa o ibinibigay sa iyo ng supplier ng ikatlong partido para sa benepisyo ng isa o higit pang Mamimili, sa bawat kaso gaya nang inilarawan sa Dokumentasyon dahil maaaring baguhin ng Nagbibili ang pareho paminsan-minsan.

(f) Ang ibig sabihin ng “*Kasunduan ng Serbisyo*” ay isang kasunduan sa pagitan mo at ng Mamimili na, bukod sa ibang bagay, ay malinaw na inilalarawan ang mga serbisyo na inyong pinagkasunduan na ibibigay sa Mamimili.

13.2.2. Ang Nagbibili, na sumasailalim sa mga probisyon ng Kasunduan na ito, ay pagkakalooban ka ng limitado, hindi eksklusibo, hindi naisasaling lisensya (nang walang mga karapatan sa pag-sublicense) sa panahon ng Habang Panahon ng Subscription para gamitin ang nauugnay na Solutions (kabilang gaya nang naaangkop na mga Serbisyong Pangnegosyo ng Avast o Edisyong Pangnegosyo ng CCleaner) para magbigay ng mga serbisyong MSP sa iyong mga Mamimili.

13.2.3. Ang Nagbibili, na sumasailalim sa mga takda at kundisyon ng Kasunduan na ito, ay bibigyan ka ng Solutions (kabilang gaya nang naaangkop na mga Serbisyong Pangnegosyo ng Avast o Edisyong Pangnegosyo ng CCleaner) para sa benepisyo ng iyong mga Mamimili.

13.2.4. Ikaw, sumasailalim sa mga takda at kondisyon ng Kasunduan ito, ay:

(a) Kinakailangan na: (i) ang bawa't Mamimili (kasama ka, sa lawak na naaangkop) na tumatanggap ng Solusyon ay tumutupad o kung hindi man ay nagbibigkis sa sarili nito sa bagong bersiyon ng Kasunduan ito; at (ii) ang bawa't Mamimili kung kanino ka sumang-ayong magbigay ng Mga Solusyon ay tumutupad o kung hindi man ay nagbibigkis sa sarili nito sa isang Kasunduan ukol sa Serbisyo. Nang walang paglilimita sa katatapos lamang, maaari mong tanggapin ang End User License Agreement ng Nagbibili sa ngalan ng Mamimili lamang hanggang sa sukdulang hayagang pinahintulutan ka ng Mamimili na gawin sa Kasunduan ng Serbisyo o sa ibang pagkakataon. Ang Kasunduan sa Serbisyo ay: (i) naglalaman ng mga probisyon nang hindi bababa gaya nang kasing mapagtanggol sa mga interes ng Grupo ng Nagbibili gaya nang Kasunduan na ito; at (ii) hayagan kang pinapahintulutan at ng Grupo ng Nagbibili na paramihin, ipadala, iimbak at iproseso ang gata at impormasyon ng Mamimili hinggil sa operasyon at performance ng anumang Solution.

(b) Sa pagitan ng mo at ng Nagbibili, magkakaroon ng solong responsibilidad para sa: (i) pagsasagawa ng iyong mga obligasyon sa ilalim ng Kasunduan ng Serbisyo; (ii) pagtitiyak na ikaw at lahat ng Mamimili ay tatalima sa lahat ng naaangkop na batas hinggil sa pagsusubaybay sa mga empleyado at ibang ikatlong partido at ng kanya-kanyang mga Aparato; (iii) pagsasagawa ng mga gawain at obligasyong itinalaga sa iyo at sa mga Mamimili ng Kasunduan, mga Naaangkop na Kundisyon at Dokumentasyon; at (iv) sa pagkapaso ng pagtatapos ng naaangkop na Kasunduan ng Serbisyo, probisyon ng pagtatapos ng anumang Solution at pag-aalis o pagsanhi sa Mamimili na alisin o i-deactivate ang anumang Solution mula sa anumang Aparato kung saan ito ginagamit.

13.3. Browser Cleanup. Kapag ginamit mo ang add-on na Browser Clean Up (“BCU”), pinapahintulutan mo ang BCU na baguhin ang iyong umiiral na setting ng browser para sa bagong setting ng browser.

13.4. WiFi Finder. Dahil sa WiFi Finder nagagawa ng mga user nito na tulungan ang iba pang user na makakuha ng akses sa internet sa pamamagitan ng pagbabahagi ng data tungkol sa mga network ng WiFi. Kung pipiliin mong mag-share ng data tungkol sa mga WiFi network sa ibang user, tanging ikaw ang responsable sa pagtitiyak na hindi mo nilalabag ang anumang karapatan ng ikatlong partido hinggil sa mga naturang network ng WiFi o anumang data na iyong ise-share. Walang tinatanggap na responsibilidad o pananagutan ang mga miyembro ng Grupo ng Nagbibili para sa iyong pagtalima sa mga takda at kundisyon na angkop sa paggamit ng anumang network ng WIFI o anumang data na iyong ise-share.

13.5. Avast Family Shield.

13.5.1. Ang Avast Family Shield ay binalak para sa personal, hindi komersyal na paggamit ng mga magulang para protektahan ang kanilang mga anak, sa pamamagitan ng mga legal na tagapag-alaga para protektahan ang kanilang mga inaalagaang bata, o ng mga may sapat na gulang para protektahan ang iba pang may sapat na gulang kung saan nila natanggap ang ganap na naipabatid na pahintulot. Hindi mo dapat gamitin ang Avast Family Shield bukod sa binalak, at hindi tumatanggap ang mga miyembro ng Grupo ng Nagbibili ng responsibilidad o pananagutan para sa anumang hindi awtorisado o ilegal na paggamti.

13.5.2. Sa pagbili sa Avast Family Shield, kinakatawan at ginagarantiya mo na: (i) ikaw ay 18 taong gulang o mas matanda; at (ii) mayroon kang kapangyarihan na, at sa pamamagitan nito ay magpahintulot sa, pagkolekta ng data para sa sinumang tao na isinama mo sa iyong Avast Family Shield account, kabilang ang sinumang taong mababa sa 13 taong gulang. Tinatanggap mo na ang mga miyembro ng Grupo ng Nagbibili ay mangongolekta, gagamti at magbubunyag ng grapikong lokasyon at iba pang impormasyong kinakailangan para paganahin ang operasyon at pagpapadala sa mga tampok ng Avast Family Shield.

13.5.3. Tinatanggap mo na ang: (i) mga resulta na maaari mong makuha mula sa Avast Family Shield, kabilang ang data at pagmemensahe, ay maaaring hindi tumpak, napapanahon o maaasahan; (ii) ang ilang nilalaman na itinuturing mong natututulan o gustong mai-block ay maaaring hindi palaging maiba-block ng Avast Family Shield; (iii) ang Avast Family Shield ay maaaring paminsan-minsang mag-block ng nilalman na maaari mong ituring na katanggaptanggap; at (iv) dahil ang nilalaman ng ikatlong partido ay maaaring magbago nang walang paunawa, hindi magagarantiya ng Nagbibili na ang mga kategorya at nilalaman nito ay palaging mananatiling nasa kasalukuyan na may mga pagbabago sa nilalaman ng ikatlong partido. Kung naniniwala kang hindi tamang inuuri ng Avast Family Shield ang isang site o serbisyo, mangyaring kontakin ang Nagbibili sa pamamagitan ng e-mail sa [familysieldhelp@avast.com](mailto:familysieldhelp@avast.com).

13.6. Mobile Apps. Ang Seksyon 13.6 na ito ay lumalapat sa anumang Solution na binalak para gamitin sa mga Apartong Mobile.

13.6.1. Para sa anumang Solution na nai-download mula sa Google Play (<http://play.google.com>), ang lisensyang ipinagkakaloob ng Kasunduan na ito ay kapalit ng anumang karapatan para gumamit ng Solution na kung hindi ay ipagkakaloob ng default na mga takda para sa mga application na na-download mula sa Google Play Store.

13.6.2. Para sa anumang Solution na nai-download mula sa Apple App Store, ang mga sumusunod na takda ay lalapat:

(a) Ang mga lisensyang ipinagkakaloob ng Kasunduan na ito ay limitado sa isang hindi naisasaling lisensya para gamitin ang Solution sa anumang iPhone, iPod Touch o iba pang Apple-powered na Aparato na pagmamay-ari mo o kinokontrol at kasing pinapahintulutan ng mga Tuntunin sa Paggamit na ipinahayag sa mga Takda ng Serbisyo ng Apple App Stores, nakalaan nang online sa <http://www.apple.com/legal/internet-services/itunes/us/terms.html> o sa pamamagitan ng naturang mga site at iba pang paraang ginawang available sa iyo ng Apple.

(b) Ang Kasunduang ito ay pinagpapasiyahan tanging sa pagitan ng mga partido, at hindi kasama ang Apple. Ang Nagbibili, hindi ang Apple, ang tanging responsable para sa Solution at sa nilalaman ng naturang Solution.

(c) Walang kahit anong obligasyon ang Apple na magbigay ng anumang mga serbisyong pagpapanatili at suporta kaugnay ng Solusyon.

(d) Kung bigo ang Solusyon na sumunod sa anumang nalalapat na garantiya, maaari mong abisuhan ang Apple, at ibabalik sa iyo ng Apple ang halagang ibinayad para sa Solusyon. Hanggang sa pinakamalawak na pinapahintulutan ng naaangkop na batas, ang Apple ay hindi magkakaroon ng anumang iba pang obligasyong garantiya kaugnay ng Solusyon, at, sa pagitan mo, ng Nagbibili at ng Apple, ang anumang iba pang paghahabol, kawalan, pananagutan, pinsala, halaga o gastos na maipapalagay na bunga ng anumang kabiguan na sumunod sa anumang garantiya ay magiging solong responsibilidad ng Nagbibili.

(e) Ang Nagbibili, hindi ang Apple, ang responsable sa pag-aksyon sa anumang claim mo o sinumang ikatlong partidong nauugnay sa Solution o ng iyong pag-aari at/o paggamit ng Solution na iyon, kabilang ang: (i) mga paghahabol sa panganib ng produkto; (ii) anumang paghahabol na bigo ang Solusyon na sumunod sa anumang naaangkop na pangangailangang legal o pangregulasyon; at (iii) mga paghahabol na bunga ng proteksiyong pangmamimili o mga katulad na batas.

(f) Sa pangyayari ng anumang paghahabol ng third party na ang Solusyon o ang iyong posesyon at paggamit ng Solusyon ay lumalabag sa mga karapatan sa intelektwal na pag-aari ng third party, ang Nagbibili, hindi ang Apple, ang magiging solong responsable sa pagsisiyasat, pagtatanggol, pagsasaayos at pagpapalaya ng anumang gayong paghahabol sa paglabag sa intelektwal na pag-aari.

(g) Dapat kang tumupad sa anumang mga nalalapat na takda ng third party kapag ginagamit ang Solusyon. Halimbawa, para sa VOIP Solution, hindi ka dapat lumabag sa kasunduan ukol sa serbisyo ng iyong wireless data kapag ginagamit ang Solusyon.

(h) Ang Apple at mga subsidiyaryo ng Apple ay ang third party na mga benepisyaryo ng Kasunduang ito at, sa iyong pagtanggap sa mga takda at kondisyon ng Kasunduang ito, magkakaroon ng karapatan ang Apple (at ituturing na tinatanggap ang karapatan) upang ipatupad ang Kasunduang ito laban sa iyo bilang isang benepisyaryo ng third party.

13.6.3. Para sa Mga Solusyon na nai-download mula sa Amazon Appstore, ang Amazon ay maaaring magtalaga ng mga tiyak na takda sa paggamit ng mamimili para sa Amazon Appstore bilang “*Mga Default na Takda ng EULA*.” Ang mga Default na mga Takda ng EULA na iyon ay lalapat sa iyong paggamit ng Solutions na iyong binili sa pamamagitan ng Amazon Appstore. Tutukuyin ng Mga Default na Takda ng EULA, kasama ng iba pang bagay, na ang Nagbibili ay ang tagapaglisensiya ng Solusyon at ang Amazon ay hindi isang partido ng Kasunduang ito. Kung may anumang mga conflict sa pagitan ng Default na mga Takda ng EULA at ng Kasunduan na ito, kung gayon hanggang sa sukdulan ng naturang conflict ang Default na mga Takda ng EULA ang mamamahala at mauuna. Ang Amazon ay walang anumang responsibilidad o pananagutan kaugnay ng iyong pagtupad o di-pagtupad o ng Nagbibili sa Mga Default na Takda ng EULA.

13.7. Technician Edition. Ang Seksyon 13.7 na ito ay lumalapat hanggang sa sukdulan na iyong binili ang Technician Edition ng isang Solution. Maaari mong pahintulutan ang bilang ng mga technician na tinukoy ng mga Naaangkop na Kundisyon para gamitin ang Solution para magsagawa ng mga serbisyo ng pagsusulit at pagkukumpuni sa mga Aparatong pamamay-ari ng mga ikatlong partido. Ang bawat technician ay maaaring i-install ang Solution sa isang Aparato ng ikatlong partido lamang sa anumang itinakdang panahon, at dapat alisin ang Solution mula sa Aparato bago ibalik ang kontrol ng Aparato sa may-ari.

13.8. Plano ng Seguro. Ang Seksiyon 13.8 na ito ay ginagamit sa Mga Planong Pangkasiguruhan.

13.8.1. Ang ibig sabihin ng “*Assurance Plan*” ay isang serbisyo kung saan ang technician ng Nagbibili (isang “*Kasama*”), bilang kapalit para sa isang magkahiwalay na bayad sa subscription, ay tutulungan kang alisin ang mga viruse o iba pang malware na hinahawahan ang iyong protektadong Aparato sa Haba ng Panahon ng Subscription. Ang Mga Planong Pangkasiguruhan ay ipinagbibiling kasama ng mga tiyak na Mga Solusyong panlaban sa virus o iba pang Mga Solusyong pangseguridad ng Nagbibili (bawa't isa ay “*Solusyong Pangseguridad*”), at sinusuplementuhan ang mga proteksiyong iniaalok ng Solusyong Pangseguridad.

13.8.2. Kung humihiling ka ng tulong ng Nagbibili sa ilalim ng Plano ng Seguro, at kung ikaw at ang iyong Device ay hindi karapat-dapat para sa tulong sa ilalim ng Seksiyon 13.8.3, gagamit ang Nagbibili ng komersiyal na makatwiran mga pagsisikap para matulungan kang tanggalin ang mga virus o iba pang malware na nakaaapekto sa Device mo. Sa pamamagitan nito ay iyong kinikilala, tinatanggap at sinasang-ayunan na maaaring hindi sapat ang pagsisikap ng Nagbibili para matanggal ang mga tiyak na virus o iba pang malware mula sa Device mo, at ang Nagbibili, sa kurso ng pagbibigay ng serbisyo, ay maaaring magbago, magtanggal o maka-corrupt ng data sa Device mo, magbago ng mga setting ng Device, o kung hindi man ay makialaman sa wastong operasyon ng Device mo.

13.8.3. Sinasaklaw ng Planong Pangkasiguruhan: (i) tanging ang Device kung para saan mo binili ang kaugnay na Solusyong Pangseguridad, at hindi maaaring mailipat sa iba pang Device; at (ii) tanging mga virus at iba pang malware na nakakaimpeksiyon sa Device sa Panahon ng Suskrisyon, pagkatapos mong mai-download at mai-install sa Device ang Solusyong Pangseguridad, at habang ginagamit ang Solusyong Pangseguridad nang may mga bagong depinisyon ng malware. Maaaring wakasan ng Nagbibili ang Planong Pangkasiguruhan nang walang paunawa kung sa solong pangnegosyong paghatol nito ay matitiyak nito na humiling o tumanggap ka ng serbisyo sa ilalim ng Planong Pangkasiguruhan para sa isang Device na hindi saklaw ng Planong Pangkasiguruhan, inilipat o nagtangkang ilipat ang Planong Pangkasiguruhan sa ibang tao o entity, o kung hindi man ay lumabag sa mga takda ng Planong Pangkasiguruhan.

13.8.4. Ang Nagbibili, sa pagbibigay ng tulong sa ilalim ng Assurance Plan, ay maaaring kailanganin ng malayuang pag-access sa iyong Aparato, at/o maaaring hilingan kang i-install ang Assistance Software, kung saang kaso ay tinatanggap at sumasang-ayon ka na ang Seksyon 13.10 na iyon ay lalapat. Kung hindi ka makapagbibigay o hindi magbibigay ng malayuang pag-access sa iyong Aparato at/o hindi ka makapagda-download o hindi ida-download at i-i-install ang Assistance Software sa Aparato o susundin ang ibang tagubilin ng Kasama ng Nagbibili, o kung pagpapasyahan ng Nagbibili na ang iyong Aparato ay hindi karapatdapat para sa suporta sa ilalim ng Assurance Plan, hindi magbibigay ng serbisyo ang Nagbibili batay sa Assurance Plan. Ang Nagbibili ay maaari (nguni't hindi kinakailangan) na ipadala ka sa isang serbisyo kung saan ang Nagbibili o mga subcontractor nito, kung may bayad, ay magbibigay ng tulong.

13.9. Premium Technical Support. Ang Seksyon 13.9 na ito ay lumalapat sa Avast Total Care, AVG Premium Tech Support at iba pang serbisyo ng suportang teknikal (bawat isang, "*Premium Technical Support*") na ibinebeta ng Nagbibili nang magkahiwalay sa software Solutions nito, at sa pamamagitan kung saan ang Nagbibili ay maaari kang tulungang mag-install, magkumpigura o mag-troubleshoot ng alinman sa isang sari-saring produkto ng software at/o kagamitan o mga sistema, kabilang ang PC, Mac, tablet, mobile phone o anumang ibang personal na pang-compute na aparato, wireless na router, cable modem o iba pang router, printer, digital camera, media player, Smart TV at DVD/Blu-Ray player.

13.9.1. Ang Associate, sa pagbibigay ng Premium Technical Support, ay gagamit ng mga komersiyal na makatwirang pagsisikap para matulungan ka sa mga problemang nararanasan mo nguni't, dahil sa pagkakaiba-iba at sa pagkasalimuot ng mga teknolohiyang makukuha sa merkado, maaaring hindi magawang lutasin ng Associate ang iyong mga problema. Maaaring kasama dito, halimbawa, ang mga problemang lumilitaw bilang resulta ng mga error ng software o hardware na hindi pa nalulutas sa pamamagitan ng tagagawa, o mga problemang kaugnay ng kumpigurasyon ng kagamitan na ginagawa itong imposible o may di-makatwirang kahirapan para sa Associate upang ma-diagnose nang wasto at lutasin ang problema. Bilang resulta, sa pamamagitan nito ay tinatanggap at sinasang-ayunan mo ang mga pagsisikap ng Nagbibili ay maaaring hindi sapat para lutasin ang mga problemang tinutukoy mo, o na yaong mga problema ay hindi malulutas sa napapanahong pamamaraan.

13.9.2. Ang Associate, sa pagbibigay ng Premium Technical Support, ay maaaring mangailangan ng malayuang pag-akses sa iyong Device, at/o maaaring kailanganin na mag-install ka ng Software na Pangtulong, kung saang kaso tinatanggap at sinasang-ayunan mo na nalalapat ang

Seksiyon 13.10. Kung hindi ka makapagbibigay o hindi magbibigay ng malayuang pag-access sa iyong Aparato at/o hindi ka makapagda-download o hindi ida-download at i-i-install ang Assistance Software sa Aparato o susundin ang ibang tagubilin ng Kasama ng Nagbibili, o kung pagpapasyahan ng Nagbibili na ang iyong Aparato ay hindi karapatdapat para sa suporta sa ilalim ng Subscription ng Premium Technical Support, hindi magbibigay ng serbisyo ang Premium Technical Support.

### 13.10. Malayuang Pag-akses; Software na Pangtulong

13.10.1. *Malayuang Pag-Access*. Ang Nagbibili o ang isang Associate, kapag nagbibigay ng mga serbisyo sa ilalim ng Plano ng Seguro, bilang bahagi ng Premium Technical Support o kaugnay ng iba pang mga serbisyo, ay kailangang kumonekta nang malayuan, at kunin ang kontrol, sa iyong kagamitan upang lutasin ang mga problemang nararanasan mo. Kaugnay ng sesyon ng malayuang koneksyon na ito:

(a) Maaaring kailanganin ng Associate na magpatakbo ng iba't ibang script sa iyong kagamitan, gumawa ng mga pagbabago sa kumpigurasyon nito, mag-install at mag-uninstall ng software, at gumawa ng iba pang mga pagbabago sa kagamitan at/o mga setting ng software ng mga gayong kagamitan tulad ng maaaring kailanganin para matugunan ang iyong mga problema.

Nauunawaan mo na ang Associate ay maaari, nguni't hindi obligado, na mag-install at magtanggag ng iba't ibang kasangkapang software pang-may-ari o third party kung saan itinuturing ng Associate na kailangan ito para matulungan ka sa mga problemang nararanasan mo. Ang mga elemento ng mga gayong software ay pinapangalagaan ng batas, kasama ang copyright.

(b) Tinatanggap at sinasang-ayunan mo na, sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa Associate na magtatag ng isang sesyon ng malayuang koneksyon, binibigyan mo ang Nagbibili (at mga kapartner at kontratista nito na umaakto sa ngalan ng Nagbibili) ng kumpleto o limitadong akses sa iyong kagamitan, software at network (depende sa kumpigurasyon ng iyong kagamitan, software at network), at pinapahintulutan ang Nagbibili na gumawa ng mga gayong pagbabago tulad ng inilalarawan sa itaas o tulad ng ipinapayo sa ibang paraan ng Associate sa panahon ng paghahatid ng Solusyon. Tinatanggap at sinasang-ayunan mo na ang Associate, o ikaw na umaakto sa direksiyon ng Associate ay maaaring magbago, magtanggag o sumira ng software o data sa iyong kagamitan, baguhin ang kagamitan, mga setting ng software o network, o kung hindi man makialam sa wastong pagtakbo ng iyong kagamitan, software o network.

(c) Tinatanggap at sinasang-ayunan mo na maaaring magkaroon ng akses ang Associate sa anumang impormasyong nakaimbak sa Device mo. Ang mga kasama ay sinanay na huwag mag-access nang maraming impormasyon kaysa sa kinakailangan para lutasin ang mga isyu kung saan ay hinihilingan mo ang suporta ng Kasama. Dapat kang manatili gayunman sa unahan ng iskrin ng Device mo para maobserbahan ang mga aksyon ng Associate habang naghahatid siya ng Solusyon sa iyong Device. Magkakaroon ka ng pagkakataon na tapusin ang sesyon ng live na suporta anumang sandali sa pamamagitan ng pagpapayo sa Associate o pagdiskonekta sa sesyon ng malayuang koneksiyon.

### 13.10.2. Assistance Software.

(a) Ang Nagbibili o isang Kasama, bilang isang kundisyon sa pagbibigay ng mga serbisyo sa ilalim ng Assurance Plan, Premium Technical Support o iba pag serbisyo, ay maaari kang tagubilinan na mag-download at mag-install sa Aparato ng program ng software (ang “Assistance Software”) na pinapahintulutan ang Kasama na makapagtamo ng malayuang pag-access sa iyong Aparato, kumalap ng impormasyon tungkol sa Aparato at mga operasyon nito, suriin at kumpunihin ang problema, at baguhin ang mga setting ng Aparato. Maaaring kailanganin mo na sundin ang iba pang mga tagubiling ibinibigay ng Nagbibili o ng Associate.

(b) Kung ikaw o ang Associate ay nag-i-install ng Software na Pangtulong sa isang Device, ang Software na Pangtulong ay:

(i) Maaaring kailanganin na paganahin mo ito sa iyong Device. Kung hindi mo kukumpletuhin ang proseso ng activation sa loob ng tagal ng panahong hinihiling ng Associate o tulad ng hinihingi ng Software na Pangtulog, maaaring tumigil sa paggana ang Software na Pangtulong hanggang sa makumpleto ang activation.

(ii) Ay maaaring makipag-ugnayan sa mga server ng Nagbibili (o kasosyo o kontratista nito) sa isang regular na batayan para: (i) tiyakin na natatanggap mo ang lahat ng serbisyo at software na karapat-dapat ka bilang bahagi ng iyong Solution; (ii) bibigyan kang kakayahan na maagap kang makapagsisimula ng sesyon ng chat sa isang Kasama bilang bahagi ng iyong Solution; o (iii) bibigyan ka ng access sa ilang self-service na kasangkapan bilang bahagi ng iyong Solution.

(iii) Maaaring sa pamamagitan ng default ay laging tumakbo sa iyong Device at magsagawa ng iba't ibang mga gawain sa background para makatulong panatilihin ang iyong Device sa kondisyong gumagana. Kapag tumatakbo, maaaring kumolekta ito ng iba't ibang data hinggil sa iyong Device, kasama ang mga teknikal na ispesipikasyon nito, impormasyon hinggil sa operating system nito, software na naka-download at/o naka-install, mga pang-update at pang-upgrade, ang kahandaan at estado ng iyong software ng seguridad, mga backup at firewall, iba't ibang walang katulad na pangtukoy, mga mensahe ng error ng system at software, estado ng mga koneksyon ng network, mga nakakonektang pangkabit at iba pang mga nakakonektang devices, at mga katulad na gayong impormasyon at data. Tumutulong ang impormasyong ito sa Nagbibili na hadlangan ang maraming karaniwang problema na maaaring nararanasan mo, at para din matukoy nang mabilis ang mga problema kung para saan mo hinihiling ang suporta ng Nagbibili.